| | | | |
|---|---|---|---|
| **ASIGNATURA:** | Edukasyon sa Pagpapakatao | **BAITANG:** | 8 |
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa<br>misyon ng pamilya sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya. | **CODE:** | |

**I. PANUTO: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Kung ang isang bata ay namumuhay sa pamumuna o sa pamimintas, natututo siyang ______.
   A. lumaban
   B. maging mapanghusga
   C. kaawaan ang sarili
   D. mag-alala

2. Kung ang isang bata ay namumuhay sa katiwasayan, natututo siyang ______.
   A. maging maayos
   B. maging komportable sa buhay
   C. maniwala sa sarili
   D. bumuo ng layunin sa buhay

3. Kung ang isang bata ay namumuhay sa poot, natututo siyang _____.
   A. lumaban
   B. maging mapanghusga
   C. kaawaan ang sarili
   D. mag-alala

4. Kung ang isang bata ay namumuhay sa papuri, natutuhan niyang _____.
   A. magustuhan ang sarili
   B. maging komportable sa buhay
   C. maniwala sa sarili
   D. bumuo ng layunin sa buhay

5. Kung ang isang bata ay namumuhay sa pagkilala, natututo siyang _____.
   C. magustuhan ang sarili
   D. maging komportable sa buhay
   C. maniwala sa sarili
   D. bumuo ng layunin sa buhay

6. Ano ang tungkulin na sinasabing bukod-tangi at pinakamahalagang gampanin ng mga magulang sa kanilang mga anak?
   A. bihisan ang mga anak
   B. pakainin ng sapat ang mga anak
   C. magbigay ng edukasyon sa anak
   D. protektahan ang mga anak laban sa sakit

7. Upang hadlangan ang mga salik na sumisira sa pagsasamahan at kapayapaan ng pamilyang Pilipino, ang kinakailangan ay ________________.
   A. ang matapat na pagsasama ng mag-asawa.
   B. ang pagtulong ng iba't ibang sektor ng lipunan
   C. ang matatag na paniniwala sa kakayahan ng pamilya
   D. ang pagsasama-samang pagsisikap ng lahat ng kasapi ng pamilya

8. Itinuturing na pangunahing guro ng mga anak ang kanilang mga magulang dahil _____________.
   A. tutularan ng mga anak ang kanilang ipinakikitang kilos at gawi.
   B. sila ang magsasanay sa mga anak sa pagmamahal sa pag-aaral at kaalaman.
   C. sa kanila nakasalalay ang pundasyon ng mga anak sa kaalamang kanilang makukuha sa paaralan.
   D. kasabay ng pagkakaroon ng karapatan ng mga anak sa edukasyon ang pagkakaroon ng karapatan ng magulang na sila ay turuan.

9. Magkakaiba ang relihiyon ng mga kasapi ng iyong pamilya. Sa paanong paraan mo maipapakita ang inyong paggalang sa isa't isa at mapayapang samahan sa pamilya?
   A. Makipagtuligsaan at patunayan na mas tama ang iyong inanibang relihiyon.
   B. Bumukod ng tirahan upang maiwasan ang usapang may kinalaman sa relihiyon.
   C. Manahimik at sarilinin na lang ang mga nakikitang hindi pagkakatulad ng paniniwala.
   D. Isabuhay ang mga mabuting bagay na natutuhan at ibahagi ito sa iyong kapamilya.

10. Alin sa mga sumusunod ang mas epektibong paraan upang mahubog ang pananampalataya ng mga anak?
    A. Ibili ang mga anak ng maraming babasahing tungkol sa relihiyon.
    B. Ipadanas ang pananampalataya nang may kagalakan at walang pamimilit.
    C. Ipasyal ang mga anak sa iba't ibang lugar dalanginan ng iba't ibang pananampalataya.
    D. Upang laging sumama sa pagsisimba ang mga anak, ipangako na mamamasyal pagkatapos magsimba.

11. Sino sa mga sumusunod ang nakikipagdiyalogo?
    A. Napagalitan si Lina ng kanyang tatay dahil sa pag-uwi niya ng gabi. Nagtungo siya sa kanyang silid at umiyak.
    B. Sinabi ni Gina sa kanyang nanay ang tungkol sa gagawin nilang proyekto sa paaralan, pati na ang kaakibat na gastusin para dito. Binigyan siya ng kanyang nanay ng pambili nito.
    C. Nabanggit ni Alex sa kanyang tatay na nais niyang bumili ng bagong damit. Ibinili siya ng kanyang tatay ng damit, tinanggap niya kahit hindi niya nagustuhan ang istilo.
    D. Nagpaalam si Jessie sa kanyang magulang upang makaattend siya sa pagdiriwang ng kaarawan ng kanyang kaibigan. Papayagan lang siyang makapunta kung maglilinis muna siya ng bahay.

12. Nasunugan ang inyong kapitbahay at wala ni isang nailigtas na ari-arian. Paano mo maipapakita ang iyong tungkuling panlipunan sa sitwasyong ito?
    A. Pansamantala naming patutuluyin sa aming bahay ang mga kapitbahay na naapektuhan ng pagbaha.
    B. Pupunta kami sa tanggapan ng City Councilor na nagangasiwa ng pagtulong sa mga *evacuees*.
    C. Susulat kami sa aming Mayor na magsagawa ng proyekto na maglinis at magpahukay ng sapa upang hindi na ito maging sanhi ng pagbaha.
    D. Makikipag-diyalogo kami sa aming punong baranggay tungkol sa maaring agarang gawin upang maiwasan ang mas matinding pinsala.